Embassy of the Philippines Pakistan
Pasuguan ng Republika ng Pilipinas
Islamabad, Pakistan

Mga Paglilinaw ng Embahada Tungkol Sa NOC

Sa gitna ng mainit na talakayan ng ilan nating mga kababayan sa Pakistan patungkol sa NOC, ang Embahada ay malugod na nagbibigay ng mga sumusunod na paglilinaw para sa kapakanan ng ating mga kababayan sa loob at labas ng Pakistan:

Q1: Ano ang NOC?

Ang No Objection Certificate (NOC) ay isang katibayan na ini-isyu ng Embahada na nagsasabing ito ay hindi tumututol sa pag-hire ng isang Filipino sa Pakistan. Ito ay nakapaloob sa acknowledgement certificate (red ribbon) na nakakabit sa verified na employment contract.

Q2: Ano ang mga tungkulin ng Embahada sa pag-isyu ng NOC?

Bago mag-isyu ng NOC, sinusuri ng Embahada ang kontrata sa pagitan ng empleyado at amo o employer at iba pang mga kaakibat na dokumento upang masiguro na ang mga ito ay naaayon sa batas ng Pilipinas kalakip ang mga regulasyon na ipinapatupad ng Philippine Overseas Employment Administration (POEA) na nagbibigay proteksyon sa kapakanan ng mga OFW. Ang tungkulin na ito ay kahalintulad sa verification na ginagawa ng Philippine Overseas Labor Office (POLO) sa ibang mga Embahada na meron nito.

Q3: Bakit walang NOC requirement sa ibang bansa?

Ang NOC ay hinihingi o requirement ng Ministry of Interior (MOI) ng bansang Pakistan bago sila makapag-isyu ng working visa. Sa halip na NOC, ang ginagawa ng POLO o Embahada sa ibang bansa ay verification at acknowledgement (red ribbon/apostille) lamang. Ang NOC (o verified contract) ay ginagamit din ng POEA upang makapa-isyu ito ng Overseas Employment Certificate (OEC) na nagpapatunay na ang isang OFW ay legal o dukomentado.

Q4: Bakit kailangang magkaroon ng agency bago ma-isyuhan ng NOC?

Ayon sa Section 123 ng “Revised Rules and Regulations on the Recruitment of OFWs” (2016 POEA Rules) na ipinatupad simula noong 28 April 2016, ipinagbabawal ang “direct hiring” ng OFW. Upang makapag-hire ng OFW, kailangan ng employer na makipag-ugnayan sa mga lisensyado o accredited agencies ng POEA kung hindi sila sakop ng mga exemptions sa direct hiring.

Q5: May mga exemption ba sa “ban on direct hiring?”

Ayon sa Section 124 ng 2016 POEA Rules, may mga employer na exempted sa ban on direct hiring. Ito ay ang mga sumusunod:

a. *Mga miyembro ng diplomatic corps (diplomat);*
b. *International organizations;*
c. *Pinuno ng bansa o matataas na opisyales ng pamahalaan na may rank na di bababa sa deputy minister (Undersecretary);*
d. *Ibang mga employers o OFWs na maaring payagan ng Secretary of Labor and Employment, katulad ng:*

1. *Mga nakabilang sa (a) (b) at (c) ngunit may mas mababang rank, kung ito ay in-endorse ng POLO, o ng Embahada kung walang POLO;*
2. *Mga OFWs na professionals o skilled workers na may executed/authenticated na contract na ang nilalaman ay higit sa pamantayan na itinakda ng POEA;*
3. *Mga OFWs na ang employer ay isang kamag-anak na naging permanent resident na ng host country.*

Ang mga exemptions na napabilang sa Section 124 (d) ay kailangang i-process sa DOLE o POEA.

Q6: Sinu-sino ang mga accredited agencies sa Pakistan?

Ayon sa pinakahuling tala ng POEA, ang mga sumusunod na mga foreign placement agency (FPA) ay may pahintulot na mag-recruit ng OFWs para makapagtrabaho sa Pakistan:

Name of FPA	Contact Details	Type of Workers	Accreditation Details
Alvi Associates	Head Office Lahore: 134-G, 2nd Floor, Commercial Market Phase 1 Defence Lahore, Cantt Tel. No.: 04235729210 – 35745992 Mobile: 0345-4107740 Karachi Brach Office: 10-c Street No. 9 Mezan Floor Bader Commercial Phase 5 DHA Karachi Tel: 021-5244500	• Household Service Workers (HSW) • Skilled • Contract	Accredited per POEA certificate (98036) to recruit, unless earlier revoked or suspended, as follows: - Its own contract employees until 23 February 2020
Goodwill Manpower Services	Flat No. 2 First Floor, Haji Manzoor Plaza, Carchowk, Rawalpindi Mobile Nos.: 0334-3523333 0331-8542534 0344-4800566 0306-4545892	• Household Service Workers (HSW)	Accredited per POEA certificate (LB-3171) to recruit HSWs until 11 December 2021 unless earlier revoked or suspended *NOTE: Deployment to Lahore and Islamabad only*
Haider Qayyum & Associates	25-K, 1st Floor Commercial Market Phase I DHA Lahore Tel. No.: 042-35013152 Mobile No.: 0333-4788885 0322-4050866	• HSW	Accredited per POEA certificate LB-72 to recruit HSWs until 07 June 2020 unless earlier revoked or suspended *NOTE: Deployment to Lahore and Islamabad only*

Name of FPA	Contact Details	Type of Workers	Accreditation Details
Mabuhay Associates	First Floor, Sunset Tower Sunset Boulevard D.H.A., Phase 2 Karachi Tel. No.: 021-35881275 Mobile: 0331-1399708	• HSW • Skilled	Accredited per POEA certificates (LB-1342 and LB-363) to recruit, unless earlier revoked or suspended, as follows: - HSWs until 29 September 2020 - Skilled workers until 29 August 2019
Pak Linkers Services	FF-17, Divine One New Airport Road Lahore Tel. No.: 042-35744088 Mobile: 0300-8168987	• HSW	Accredited per POEA certificate LB-1526 to recruit HSWs until 19 October 2019 unless earlier revoked or suspended
Pak-Phil Manpower Services	187 Street No. 22 D-Block Phase I DHA Lahore Tel. No.: 04235691960 Mobile: 0300-9443373	• HSW • Skilled	Accredited per POEA certificates (LB-150 and LB-1030) to recruit, unless earlier revoked or suspended, as follows: - HSWs until 4 July 2020 - Skilled workers until 25 May 2021 *NOTE: Deployment to Lahore and Islamabad only*
Trust Associates	18-G 2nd Floor DHA Phase I Masjid Chowk Near Shell Pump Lahore Tel. No.: 04236605554 Mobile: 0322-5914418	• HSW	Accredited per POEA certificates (LB-163, LB-3989) to recruit HSWs until 12 July 2020 / 20 March 2023 unless earlier revoked or suspended *NOTE: Deployment to Lahore and Islamabad only*
Umer Associates	Islamabad Head Office: Office No. 7 1st Floor Aaly Plaza Fazal E Haq Road Blue Area, Islamabad Tel. No.: 0512342360 Mobile: 0300-7770000 0333-7770000 Karachi Branch: Umer Associates (ii) House No. C-vi-133 1st Floor Near Consular Office Upper Gizri Karachi	• HSW • Skilled • Contract	Accredited per POEA certificates (LB-1853, LB-223, and 94519) to recruit, unless earlier revoked or suspended, as follows: - HSWs until 21 December 2021 - Skilled workers until 01 August 2020 - Its own contract employees until 25 January 2019

Ang listahang ito ay nakalathala din sa website ng Embahada: http://isdpe.com.pk/

Maliban dito, ang POEA ay nagbibigay din ng accreditation sa mga principals o direct employers na nagpapahintulot sa kanila na mag-hire ng kanilang sariling empleyado sa kanilang projects o negosyo. Ang accreditation nila ay pina-process sa POEA.

Q7: Magkano ang bayad ng NOC?

Ang NOC na ini-isyu ng Embahada ay nagkakahalaga ng USD 50 o Rs 8,000. Ito ay binubuo ng dalawang consular services na verification (USD 25) at acknowledgement (USD 25). Ang bayad na ito ay naaayon sa Department Order No. 07-00 o "Revised Consolidated Schedule of Service Fees." Ang Embahada ay nagbibigay ng resibo para sa naturang mga serbisyo.

Q8: Bakit naniningil ng mas mataas ang agency para sa NOC?

Ang binabayaran ng employer sa agency ay hindi lamang para sa NOC. Kasama dito ang paggawa ng contract, pagpoproseso ng papeles tulad ng contract of employment, visa at agency fee. Ang agency fee ay para sa serbisyo na ginagarantya ng agency para sa OFW ayon sa POEA rules tulad ng repatriation, claims at iba pa.

Q9: Bakit hindi makontrol ng Embahada ang mataas na singil ng agency?

Ang Embahada ay walang kapangyarihan o mandato na magtalaga ng rates na sisingilin ng agency. Ang mga employer at agency ay may karapatan na magpasya sa kondisyon ng kanilang kasunduan kasama na dito ang rate ng agency.

Gayunman, sa hangarin nitong makatulong na maibaba ang rates, napapayag ng Embahada sa pamamagitan ng pagsisikap ng ating butihing Ambassador Daniel R. Espiritu sa pakikiisa ng mga Filipino Community Organizations (FilCom) sa Pakistan, ang mga agency na babaan ang kani-kanilang rates ayon sa sumusunod na listahan:

Name of FPA	Rates*
Alvi Associates	A. From the Philippines **New**: **USD 3,300** All-in (including visa processing) B. From Pakistan **Renewal (same agency)**: a. Basic Fee (Agency Fee, Contract & NOC Processing Only): **Rs 28,000** b. Visa Processing Only: **USD 525** c. All-in (including visa processing): **USD 875**
Goodwill Manpower Services	A. From the Philippines **New : USD 3,425** All-in (including visa processing) B. From Pakistan **A. Renewal (same agency):** a. Basic Fee (Agency Fee, Contract Only): **USD 425** b. All-in (including visa processing): **USD 925** (case-by-case basis) **B. New (with no prior agency):** a. Basic Fee (Agency Fee, Contract Only): **USD 425** b. All-in (including visa processing): **USD 925** (case-by-case basis)***
Haider Qayyum & Associates	A. From the Philippines **New**: **USD 3,300** All-in (including visa processing) B. From Pakistan **Renewal (same agency)**: **USD 2,800** All-in

Embassy of the Philippines Pakistan
Pasuguan ng Republika ng Pilipinas
Islamabad, Pakistan

Name of FPA	Rates*
Mabuhay Associates	A. From the Philippines **New**: **USD 3,300** All-in (including visa processing) B. From Pakistan **A. Renewal (same agency)**: a. Basic Fee (Agency Fee, Contract & NOC Processing Only): **USD 225** b. All-in (including visa processing): **USD 825-925** *(case-by-case basis)* **B. New (with no prior agency)**: a. Basic Fee (Agency Fee, Contract & NOC Processing Only): **USD 225** b. All-in (including visa processing): **USD 825-925** *(case-by-case basis)****
Pak Linkers Services	A. From the Philippines **New**: **USD 3,000** All-in (including visa processing) B. From Pakistan **A. Renewal (same agency)**: a. Basic Fee (Agency Fee, Contract & NOC Processing Only): **Rs 28,000** b. All-in (including visa processing): **USD 375** **B. Renewal (from other agency**)**: a. Basic Fee (Agency Fee, Contract & NOC Processing Only): **Rs 28,000** b. All-in (including visa processing): **USD 375**
Pak-Phil Manpower Services	A. From the Philippines **New**: **USD 3,300** All-in (including visa processing) B. From Pakistan **A. Renewal (same agency)**: a. Basic Fee (Agency Fee, Contract & NOC Processing Only): **USD 425** b. All-in (including visa processing): **USD 1,250** **B. Renewal (from other agency**)**: a. Basic Fee (Agency Fee, Contract & NOC Processing Only): **USD 725** b. All-in (including visa processing): **USD 1,250** **C. New (with no prior agency)**: a. Basic Fee (Agency Fee, Contract & NOC Processing Only): **USD 725** b. All-in (including visa processing): **USD 1,250*****
Trust Associates	A. From the Philippines **New**: **USD 3,300** All-in (including visa processing) B. From Pakistan **A. Renewal (same agency)**: a. Basic Fee (Agency Fee, Contract & NOC Processing Only): **USD 500** b. All-in (including visa processing): **USD 875** **B. New (with no prior agency)**: a. Basic Fee (Agency Fee, Contract & NOC Processing Only): **USD 500** b. All-in (including visa processing): **USD 875***

Name of FPA	Rates*
Umer Associates	A. From the Philippines **New**: **USD 3,300** All-in (including visa processing) B. From Pakistan **A. Renewal (same agency)**: a. Basic Fee (Agency Fee, Contract & NOC Processing Only): **USD 475** b. All-in (including visa processing): **USD 850** **B. Renewal (from other agency**)**: a. Basic Fee (Agency Fee, Contract & NOC Processing Only): **USD 475** b. All-in (including visa processing): **USD 850** **C. New (with no prior agency)**: a. Basic Fee (Agency Fee, Contract & NOC Processing Only): **USD 475** b. All-in (including visa processing): **USD 850*****

** As intimated to the Embassy after discussions with H.E. Daniel Ramos Espiritu*
*** Upon the completion of the previous contract*
**** Does not include penalties, if any*

Q10: Matagal na ako sa Pakistan. Bakit kailangan ko pang mag-agency?

Ito ay nakasaad sa Section 123 ng 2016 POEA Rules, na bawal ang direct hiring. Ito ay simulang na-implement noong 28 April 2016. Wala sa mga exemptions ng naturang Rules ang tagal ng residency ng OFW.

Q11: Natapos ko na ang kontrata ko at hindi ako maglilipat ng amo, kailangan ko pa bang mag-agency ulit?

Ang requirement sa pagkakaroon ng agency ay nakasaad sa Section 123 ng 2016 POEA Rules. Wala sa mga exemptions ng naturang Rules ang mga re-hire. Kung nanaisin, pwedeng dumulog sa POEA or DOLE upang makapag-request ng exemption.

Q12: Nakakuha ako ng Pakistan Origin Card (POC), kailangan pa bang kumuha ng NOC?

Ang POC ay isang dokumento na nagbibigay ng pahintulot sa isang foreigner na may asawang Pakistani na manatili sa Pakistan nang legal. Ito ay hindi maituturing na katumbas ng working permit na kikilalanin ng POEA. Upang maging legal o dokumentadong OFW, kailangang sundin ang 2016 POEA Rules kung saan nakapaloob dito ang requirement ng employment contract na verified (o may NOC) ng POLO o ng Embahada ng Pilipinas. Tandaan na hindi pangunahing layunin ng POC ang pagbibigay ng pahintulot sa isang may hawak nito na magtrabaho sa Pakistan. Hindi rin ito makapagbibigay ng sapat na proteksyon sa OFW ayon sa mga panuntunang naitakda ng POEA.

Q13: Bakit pabago-bago ng Rules ang Embahada, dati ang dali namang makakuha ng NOC?

Ang Embahada, sa pagganap ng kaniyang tungkulin, ay sumusunod lamang sa mga patakaran na itinakda ng POEA. Kapag kumpleto ang papeles at ang mga ito ay naaayon sa batas at patakaran ng POEA, ito ay mapa-process agad nang walang problema o antala.

16 October 2019
Islamabad